Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-1 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-4 NG HULYO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Rchie E. San Jose |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Roberto R. Morelos (ABC) |
| Igg. Christopher Aron C. Del Rosario | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 01 - 2022

**KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGSUPORTA NG SANGGUNIANG BAYAN SA "3 YEARS EXECUTIVE AGENDA" NA INIHAYAG NG ATING PUNONG BAYAN, IGG. VERGEL C. MENESES SA UNANG PASINAYANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA KABUTIHAN AT KAUNLARAN NG BAYAN NG BULAKAN**

May akda: Igg. Rchie E. San Jose
Isponsor: Pankalahatang Lupon

**SAPAGKAT,** alinsunod sa seksyon 444, par. III, ng batas ng Local Government Code of 1991 o Republic Act 7160 ay isinasaad na sa unang pagbubukas ng pagpupulong ng Sangguniang Bayan ay para sa pagpapahayag ng Punong Bayan ng kanyang mga polisiya, programa at proyekto sa loob ng kanyang 3 taon na panunungkulan at ito ay matalakay sa sanggunian para sa pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan at ng pangangailangan ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKAT,** katuwang ng Punong Bayan ang Sanggunian para sa pagpapaunlad ng bayan ng Bulakan sa pamamagitan ng lehislatura o pagsasabatas ng lahat ng mga kasunduan, pananagutan at iba pang pananagutan sa pamamagitan ng mga kapasiyahan at kautusang bayan;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan, bilang tagapag-batas ay ang siyang gagawa at magpapatibay ng mga kautusang bayan at mga kapasiyahang kinakailangan para sa mahusay at mabisang pamamahala sa bayan;

**SAPAGKAT,** sa kapahintulutan ng Sanggunian, ang lokal na Punong Tagapagpaganap ay maaring makipag-ayos at tumanggap ng mga kaloob o ano mang pananalapi o donasyong kauri, bilang tulong sa mga pangunahing paglilingkod para sa bayan at sa mga mamamayang pinaglilingkuran;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Rchie E. San Jose na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya na Makapagpasa Ng Isang Kapasiyahang Nagpapahayag Ng Pagsuporta Ng Sangguniang Bayan Sa "3 Years Executive Agenda" Na Inihayag Ng Ating Punong Bayan, Igg. Vergel C. Meneses Sa Unang Pasinayang Pagpupulong Ng Sangguniang Bayan Para Sa Kabutihan At Kaunlaran Ng Bayan Ng Bulakan.

**PINAGTIBAY**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**ROBERTO R. MORELOS**
Kagawad (Ex-Officio-ABC)

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan